Bay Area Air District

News Release

Learn more at **baaqmd.gov**
@bayareaairdistrict

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Oktubre 9, 2025
MAKIPAG-UGNAYAN SA: communications@baaqmd.gov

Distrito ng Hangin, pinagmulta ang Marathon Martinez Refinery ng $372,550 dahil sa mga paglabag

SAN FRANCISCO – Pinagmulta ng Bay Area Air District ang Marathon Martinez Refinery, na pinamamahalaan ng Marathon subsidiary na Tesoro Refining & Marketing Company LLC, $372,500 para sa 13 Notice of Violations na kinabibilangan ng mga paglabag na nauugnay sa tangke, hindi sertipikadong mga piraso ng kagamitan sa kanilang on-site na gas dispensing facility at mga pagkaantala sa pag-uulat.

"Ang mga komunidad na malapit sa mga refinery tulad ng Marathon Martinez Refinery ay nararapat sa transparency at pananagutan kapag nangyari ang mga paglabag sa kalidad ng hangin," sabi ni Dr. Philip Fine, executive officer ng Air District. "Ang parusang ito ay bahagi ng aming patuloy na pagsisikap na panagutin ang mga nagpaparumi at tiyaking mabilis at malinaw na natutugunan ang mga paglabag."

Sa pamamagitan ng pagtugon sa mga paglabag na ito, mababawasan ng Marathon Martinez Refinery ang mga labis na emisyon sa hinaharap. Ang parusang ito ay nag-uudyok din sa Marathon Martinez Refinery na dagdagan ang atensyon sa inspeksyon at pagpapanatili sa kanilang pasilidad sa unincorporated Contra Costa County, malapit sa Martinez.

Naiwasto na ang lahat ng paglabag.

Ang Distrito ng Hangin ay nag-iisyu ng Mga Paunawa ng Paglabag sa tuwing may pasilidad na lumalabag sa isang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Kinakailangan ng mga lumabag na ayusin ang problema at magbayad ng multa ayon sa tindi ng paglabag. Posibleng kasama sa mga pagwawasto ang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Gagamitin ang isang porsyento ng makokolektang pondo mula sa multa sa komunidad na apektado ng paglabag. Gagamitin ang pondong ito para suportahan ang mga lokal na proyekto na naglalayong mabawasan ang polusyon at mapabuti ang pampublikong kalusugan.

Ang Distrito ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensiya na responsable sa pagpoprotekta sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Kumonekta sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Facebook, X, Instagram, at YouTube.

# # #

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
Air District Homepage | News Releases